



*Texto*

## **ANG MATSING AT ANG PAGONG**

Salin sa Filipino ni Paolo Ven B. Paculan mula sa “Un Mono y Una Tortuga” ni Dr. Jose Rizal na inilathala sa *Rizaliana for Children: Illustrations and Folk Tales by Rizal*. Sa patnugot ni Alfredo Navarro Salanga. Quezon City: Children’s Communication Center. 1984.

Nakakita ang isang matsing at isang pagong ng punong saging sa isang ilog. Iniahon nila ito at dahil gusto itong angkinin ng bawat isa, hinati nila ito sa gitna. At ang matsing, komo siya ang mas malakas, ang kumuha ng bahaging may dahon, sa kabila ng pagtutol ng pagong, at maingat itong itinanim. Gayon din ang ginawa ng pagong sa napasakaniya. Pero dahil walang mga ugat ang bahaging kinuha ng matsing, namatay ito. At ang sa pagong, nabuhay at nagkadahon.

Isang araw, bumisita ang matsing sa pagong at pinag-usapan nila ang kanilang mga punong saging.

“Ay! Namatay ang saging ko!” nguyngoy ng matsing na tumutulo pa ang luha. “At ang iyo?”

“Buhay, at may mga bunga! Pero dahil hindi ako makaakyat...”

“Ah! Huwag kang mag-alala,” putol ng matsing. “Ako ang aakyat para sa’yo.”

Naging napakasaya ng pagong at nagtungo sila kung saan naroon ang saging.

Agad umakyat ang matsing at nagsimulang kumain nang halos mabulunan.

“Uy! Bigyan mo rin ako,” pagmamakaawa ng pagong.

“Krrr! Ni balat di ko ibibigay sa iyo!” sagot ng matsing.

Kaya para gantihan ang matsing, kumuha ang pagong ng mga tinik at susông-paitan (isang uri ng susô na maliit at matulis ang bahay), at ipinako ang mga ito sa katawan ng punong saging, saka siya nagtago sa ilalim ng isang bao ng niyog.

“Aray! aray!” sabi ng matsing habang bumababa, at sa labis na sakit, naupo siya sa bao ng niyog para hilumin ang sarili. Pero habang binubunot niya ang mga susô mula sa kaniyang katawan, pumasok ang malikot niyang buntot sa butas ng bao. Nakita ng pagong ang magandang pagkakataon at kinagat ang buntot ng matsing, na napatalon at nakakita ng mga bituin sa sobrang sakit.

“Ah, ikaw pala!” magaspang na bulalas ng unggoy na nadiksubre ang pagong.  
“Ngayon pagbabayaran kita para sa lahat ng ginawa mo!

Mamamatay ka!

Pero paano kaya?

Ah!

Gusto mo bang durugin kita sa almires na ito o itapon kita sa ilog?”

“Durugin mo ako sa almires pero huwag mo akong ibabato sa ilog: ayokong malunod.”

“Hehe! Takot ka palang malunod? Puwes, lulunurin kita!”

At ibinato nga niya sa ilog ang pagong na masaya namang lumangoy palayo.

‘Ika nga ng kasabihan: Matalino man ang matsing ay napaglalalangan din.

\*\*\*

## Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

### *In English*

The Monkey and the Turtle  
Sun and Moon  
Sagacious Marcela  
The Story of our Fingers  
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck  
The Lost Necklace

### *In Filipino*

Ang Pagong at ang Matsing  
Ang mga Paglalakbay ni Juan  
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)  
Ang Unang Unggoy  
Ang Alamat ng Palay  
Ang Pinagmulan ng Lamok  
Kung Paano Yumaman si Jackyo

*Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.*

## **PAGKILALA**

### **Areté**

Ma. Mercedes Rodrigo Ricardo Abad	<i>Executive Producers</i>
D Cortezano	<i>Producer</i>
John Robert Yam	<i>Overall Sound Designer</i>
Harold André Santos	<i>Theme Music Composer</i>
John Robert Yam	<i>Episode Sound Designer</i>
John Robert Yam Nilo Beriarmente	<i>Sound Engineers</i>
Ivy Baggao	<i>Talent Coordinator and Production Associate</i>
Jethro Nibaten Adriane Ungriano Justine Ray Santos Duane Ligot Rey Sotto Ralph Joseph Adarlo Carlos Hombrebueno	<i>Sound Design and Technical Team</i>

Arielle Acosta  
Vannessa Reventar

*Logistical Support*

Ross Du

*Illustrator*

Arielle Acosta  
Lazir Caluya

*Brand Developers*

Dreamlist Digital

*Web developers*

### **Ateneo de Manila Basic Education / Ateneo Junior High School**

Jose Antonio P. Salvador

*Principal*

Genalyn S. Sanvictores

*Assistant Principal for Academic Affairs*

Paolo Ven B. Paculan

*Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino*

Kristine Ann P. Valdellon

*Master Teacher, Subject Area Coordinator, English*